



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN

Ika-26 ng Pebrero, 2026

Ipinadala na ang mga Postkard sa mga Rehistradong Botante para sa Primaryang Gubernatoryal sa Hunyo

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa County ng San Diego ay nagpadala ng mahigit dalawang milyong postkard sa mga rehistradong botante ng County, na naglilista ng mga opsyon sa pagboto para sa [Gubernatoryal na Primaryang Eleksyon sa Ika-2 ng Hunyo](#).

Ang bawat aktibong rehistradong botante ay makakatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo at maaaring ibalik ito sa isa sa tatlong paraan:

- Sa pamamagitan ng koreo (hindi kinakailangan ng selyo)
- Sa isa sa opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro (simula Ika-5 ng Mayo hanggang sa Araw ng Eleksyon, sa Ika-2 ng Hunyo)
- Sa alinmang vote center

Ang mga balota ay magsisimulang dumating sa linggo ng Ika-4 ng Mayo, binibigyan ang mga botante ng halos isang buwan upang markahan at ibalik ang mga ito bago ang pinal na araw ng pagboto sa Ika-2 ng Hunyo.

Opisina ng Tagapagrehistro

Ang personal na pagboto ay magsisimula sa Lunes, Ika-4 Mayo, sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa (5600 Overland Avenue, San Diego). Ang mga oras ay: ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Mga Vote Center

Kung nais ninyong bumoto sa lokasyon na malapit sa inyo, ang mga vote center ay magbubukas mula Ika-23 ng Mayo hanggang Ika-2 ng Hunyo. Samantalain ang maagang pagboto upang maiwasan ang mahahabang pila.

- **Ika-23 ng Mayo:** Piling mga vote center ay magbubukas araw-araw, mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon
- **Ika-30 ng Mayo:** Ang lahat ng vote center ay magbubukas araw-araw, mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon
- **Ika-2 ng Hunyo (Araw ng Eleksyon):** Ang lahat ng vote center, mga opisyal na ballot drop box, at opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-26 ng Pebrero, 2026

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTY**NEWS**CENTER   

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101